

1

Patungo si Ronald sa kanyang klinika. Nang maging pula ang traffic light sa kanto ay inihinto niya ang sasakyan. Habang naghihintay na magpalit ang ilaw, isang batang babae ang kumatok sa bintana ng kanyang kotse. Awtomatikong dumukot siya ng pera at iniabot dito. Tumakbo ito palayo matapos magpasalamat. Sinundan niya ng tingin ang paslit hanggang sa mawala ito sa isang eskinita.

The car behind him honked. Green na uli ang traffic light. Nag-switch siya ng gear at umabante.

Naging abala siya sa buong maghapon. Pero paminsan-minsan ay sumisingit sa kanya ang mukha ng bata; the small, vulnerable frame... short, mangy hair... pleading black eyes...

It reminded him of another young girl, someone special from his past. Someone whom he'd lost in a very unfortunate way...

Abala si Ronald sa pagtatabas ng damo sa tapat ng kanilang kubo nang dumaan ang isang tricycle. Napatingin siya sa sakay nitong batang babae na nakatingin din sa kanya. Those were the most soulful

eyes he had ever seen.

Curious, tiningnan niya kung saan ito papunta. Lumiko ito pakaliwa nang lumagpas sa kanilang bahay. Isa lang ang pamilyang nakatira sa parteng iyon ng baranggay nila.

Kaanu-ano kaya ito ni Mang Carlos?

“O, Ronald, tapos ka na ba diyan?”

“Malapit na ho, Tiya.”

“Sunduin mo na sa bukid ang tiyong mo pagkatapos mo diyan, hane? Malapit nang maluto iyong sinigang na baka na niluluto ko.”

“Opo,” aniya na minadali na ang ginagawa.

Sanggal pa lamang siya nang maulila siyang lubos. Kinupkop siya ng tiyuhin na nakababatang kapatid ng kanyang ama. At dahil wala namang anak ang mag-asawa, siya na ang itinuring na anak ng mga ito.

Nang matapos sa pagtatabas ng damo ay naghugas siya ng kamay at tinungo na ang kanilang maliit na bukid. Para marating iyon ay lumiko siya sa daang nilikuan ng tricycle. Ngunit bago marating ang kubo ng kapitbahay nilang si Mang Carlos, umakyat na siya sa mababaw na talampas saka tinahak ang pilapil patungo naman sa dalawang ektaryang bukirin na

pag-aari ng kanyang tiyo. Pamana iyon ng lolo niya sa kanyang ama at sa tiyo. Pero dahil patay na ang ama niya, ang kalahati ng lupaing iyon ay lehitimong nasa pangalan niya.

“Tiyo Manuel!” tawag niya sa tiyuhin na kasalukuyang nagpapahinga sa lilim ng puno ng mangga. Nasa di-kalayuan si Baste, ang kanilang kalabaw na nanginginain ng damo. Nilapitan niya ito. “Tiyo, pinasusundo na kayo ni Tiya Clara. Luto na raw po ang pananghalian.”

“Aba’y mabuti naman. Kanina pa nga kumukulo ang tiyan ko,” tugon nito.

Isinampay na nito sa balikat ang mga dalang gamit. Siya naman ay hinila si Baste. Pagbaba nila sa talampas ay nakita nila si Mang Carlos na nasa harap ng kubo nito. Pinanonood nito ang isang batang babae na halos kaedad niya habang nagwawalis ito ng bakuran.

Ito ang batang nakita niya kanina sa tricycle.

“Mukhang may bago na namang aalilain si Carlos.”

Napasulyap siya sa tiyuhin. Iiling-iling ito habang pinanonood ang dalawa.

Hindi kagandahan ang reputasyon ng kapitbahay nilang iyon. Madalas itong maglasing at palagi na ay nagwawala at naghahamon ng away. Isang malaking palaisipan nga sa kanila kung paanong nakakatiis ang asawa nito. May usap-usapan din kasi na nananakit ito kapag lasing.

Kumpara sa kanila ay mahirap pa sa daga ang mag-asawa. Iyon ay dahil na rin sa kapabayaang ni Mang Carlos. Naibenta nito sa pinagkakautangan sa sugal ang lupang sakahan na katabi lamang ng sa kanila. Mabuti na lang at hinayaan pa rin itong makisaka ng bagong may-ari. Pero dahil may katamaran din ang matandang lalaki, kadalasan ay ang asawa nito ang nagtitiis na magbungkal ng lupa upang may makuha lamang na porsyento sa aanihin.

“Sino kaya ang batang iyon, Tiyo?”

“Isang malas na nilalang. Kawawa naman. Tiyak na pahhirapan lang siya ng lalaking iyan.”

Nakita niyang pumasok ang taong kanilang pinag-uusapan sa maliit na kubo. Naiwan ang batang babae na patuloy pa rin sa ginagawa. Paminsan-minsan ay nagpupunas ito ng pawis sa noo. Nang minsang mapasulyap ito sa kanila ay kinawayan niya ito. Dali-dali naman itong tumalikod.

“Halika na, Ronald. Hinihintay na tayo ng tiyang mo.”

Nagpatiuna na itong maglakad. Muli niyang nilingon ang bata bago sumunod sa kanyang tiyuhin.

Nakita ni Ronald ang batang babae nang magtungo siya sa bayan kinabukasan. Maaga pa noon at bitbit nito ang isang maliit na kaing na nangangalahati sa lamang kalamansi. Halatang bigat na bigat ang bata at bakas din ang pagod sa mukha nito. Malamang maaga pa nang mamitas ito ng kalamansi. At kulang kalahating oras ang lakarin mula sa lugar nila hanggang sa bayan.

Hinaplos ng awa ang kanyang puso. Sinundan niya ito.

Marami nang tao kahit wala pang alas ocho ng umaga. Sandaling ibinaba ng batang babae ang kaing at ikinampay ang dalawang braso. Palinga-linga ito sa paligid, malamang naghahanap ng puwedeng pagpuwestuhan. Muli nitong binuhat ang kaing at nagmamadaling tinungo ang bakanteng espasyo sa ilalim ng isang puno. Dala na rin siguro ng pagod kaya nabitiwan nito ang bitbit. Tumapon ang karamihan sa kalamansing laman niyon.

Natatarantang pinulot nito isa-isa ang natapong

paninda. Hindi ito pansin ng mga taong naglalakad. Walang pakialam ang mga ito kahit makatapak na ng ilang bunga. She was half-crying in desperation when he approached her.

“Tulungan na kita.”

She stared at him, eyes full of doubt and shoulders stiff with fear.

“Huwag kang mag-alala, isa akong kaibigan.” Masuyo niya itong nginitian. Saka lamang ito nagbaba ng depensa.

“S-salamat,” bulong nito sa pagod na tinig. Itinuon niya ang pansin sa pamumulot ng kalamansi para hindi nito makita ang awa sa kanyang mga mata. Bata pa ito pero parang pasan na ang bigat ng buong mundo.

Inabot din sila nang ilang minuto bago naibalik lahat ang tumapong kalamansi sa kaing. Si Ronald na ang nagprisintang pasanin ang kaing. Nanlaki ang mga mata nito sa paghanga nang bale-wala lang niya iyong binuhat at ipinatong sa kanyang balikat. Iniliyad niya ang dibdib at malapad itong nginitian.

“Saan ba ang puwesto mo?”

Muli nitong nilingon ang ilalim ng puno na ngayon

ay okupado na ng ibang tindera. “Doon sana kaya lang may nauna na sa akin.” Puno ng panghihinayang ang tinig nito.

Tinapik niya ito sa balikat. “Hindi magandang puwesto diyan. Doon tayo sa bandang loob. Mas maraming namimili doon, pakyawan pa.” Kabisado niya ang buong palengke dahil madalas din siyang maghatid ng gulay sa mga suki nila rito.

Tumango ang bata at sumunod sa kanya.

“Ikaw iyong pamangkin ni Inang Juliana, di ba?”

Sumulyap ito sa kanya at tumango.

“Ako nga pala si Ronald. D’un lang ako nakatira sa kubo bago lumiko sa inyo. Pamangkin ako nina Manuel at Clara.”

Gumanti ito ng ngiti.

“Ako naman si Jasmine,” pakilala nito.

“Jasmine... ang ganda ng pangalan mo.”

Nahihiya itong nagyuko ng ulo.

Sinamahan niya itong maghanap ng puwesto. Tinulungan na rin niya itong magtinda. Magaling siyang manghimok ng tao at makipag-sales talk, kaya maaga nilang naibenta lahat ng kalamansi sa presyong

triple pa sa inaasahan ni Jasmine.

“Ayos ba?” Nag-thumb-up siya rito matapos niyang isalin ang kalamansi sa bayong ng matandang babaeng bumili nito. Nakatawang ginaya nito ang ginawa niya. “Pauwi ka na ba?” tanong niya pagkatapos. Bitbit niya ang kaing nito na ngayon ay wala nang laman.

“Tibili ko lang ng gamot si Tiya, at saka kaunting pang-ulam. Ipagluluto ko siya ng sinigang.”

“Iyang liit mong iyan, marunong ka nang magluto?” parang di makapaniwalang tanong niya. “Ilang taon ka na nga uli?”

“Sampung taon na kaya ako. At maaga akong tinuruan ni Nanay noon na magluto.” May bahid ng lungkot ang tinig nito sa pagbanggit sa ina. Pero kaagad ding sumigla ang tinig nito. “At saka, hindi naman ako kaliitan. Abot na nga ako sa balikat mo, o!”

Sinukat pa nito ang taas kumpara sa taas niya. Ka-level nga ng balikat niya ang palad nitong nakapatong sa sariling ulo nito.

Natawa siya sa ginawi nito.

“Oo nga, dalawang taon lang pala ang tanda ko sa 'yo. Halika, sasamahan na kitang mamili.”

She flashed him a wide grin.

Bumili sila ng kalahating kilo ng baboy at gulay para sa sinigang. Hindi na ito bumili ng paasim dahil noong nagdaang araw ay nakita raw nitong maraming bunga ang puno ng sampalok na katabi ng kubo. Pagkagaling sa palengke ay pumunta sila sa botika para bumili ng paracetamol.

Nabili na nilang lahat ang kailangan nito para sa araw na iyon at may natira pang beinte pesos sa pinagbentahan nila ng kalamansi. Ibinulsa ni Jasmine ang natirang pera.

Dama niya ang kasiyahan ng bagong kaibigan habang naglalakad sila pauwi. Panay ang kuwento nito sa pinanggalingang probinsya kung saan ito lumaki. Tahimik lang siyang nakinig at paminsan-minsan ay nagtanong. Masayahin ito, napuna niya. And he couldn't help but admire her. Hindi nito kailangan ng awa.

Malapit na sila sa tinitirhan nitong kubo nang kapwa sila matigilan dahil sa narinig na mga sigaw. Napasulyap siya kay Jasmine. Namumutla ito.

“Si Tiya!”

Hindi na niya kailangang hulaan na binubugbog na naman ni Mang Carlos ang asawa.

Natatarantang tinakbo nila ang kubo.

“Tiyong, tama na po!”

Kaagad niyakap ni Jasmine sa baywang ang tiyuhin dahil akimang susuntukin muli nito ang asawa. Bahagya itong nawalan ng balanse. Sa galit ay ang batang babae ang pinagbalingan nito.

“Walanghiya kang bata ka!”

Marahas nitong kinalas ang pagkakayakap ni Jasmine at pabalya itong itinulak sa sahig. Sumubsob ito sa paanan ni Ronald. “Jasmine!”

Nataranta siya nang makita ang paglukot ng mukha nito dahil sa naramdamang sakit. Hindi na siya nag-isip. Iniharang niya ang sarili nang ambaan itong muli ng amain.

“Carlos! Tama na!” ani Juliana. Yumakap ito sa hita ng asawa. “Maawa ka... walang ginagawa sa ‘yo ang mga bata.”

Itinulak nito ang babae. Marahas itong nagmura.

“Mga peste talaga kayo sa buhay ko! Puro kayo palamunin, mga wala namang silbi! Ang mabuti pa’y makalayas na! Peste!”

Padabog itong bumaba ng kubo at walang lingon-likod na umalis. Kumawala si Jasmine sa pagkakayakap niya at kaagad dinaluhan ang tiyahin.

“Tiya...” Umiiyak na niyakap nito ang nakatatandang babae.

Kahit bata ay nakadama ng matinding galit sa puso si Ronald. Marami siyang naririnig tungkol sa pagiging bayolente ni Mang Carlos. But he never expected he could be this cruel, na kahit ang walang kalaban-labang si Jasmine ay nagawang saktan. Kuyom ang mga kamaong nakatitig lamang siya sa magtiya. He wished he could do something. Pero ano? Ano ba ang kayang gawin ng isa ring batang katulad niya?

“N-nasaktan ka ba, Jasmine?”

Umiling ang kanyang kaibigan. Matiyaga nitong pinunasan ang mukha ng tiyahin. Nang alalayan nito patayo ang huli ay tumulong din siya. Iniupo nila ito sa papag. Naging maagap naman siyang damputin ang mga pinamili nilang tumapon sa sahig. Dinala niya iyon sa kusina. Nagprisinta na rin siyang linisin at gayatin ang baboy, at kahit ang mga gulay at iba pang isasahog ni Jasmine. Pagkatapos niyon ay pumitas siya ng ilang bunga ng sampalok sa puno. Pagbalik niya ay nasa kusina na si Jasmine. Nakapagpaapoy na ito ng kalan.

“Ayos ka lang ba? May masakit ba sa ’yo?” tanong niya rito. Kaagad itong nag-iwas ng mga mata.

“Wala naman. Hindi ako gaanong nasaktan. Pero si Tiya...” Napahikbi ito. Lumapit siya at tinapik-tapik ang balikat ng kaibigan.

“Painumin mo na muna siya ng gamot. Ano ba ang una kong isasalang? Ako na muna ang bahala dito.”

“Talaga? Ayos lang ba sa ’yo? Kanina mo pa ako tinutulungan at sinasamahan. Baka hinahanap ka na sa inyo.”

“Huwag mong intindihin iyon. Sanay na naman sina Tiyang at Tiyong sa akin. At saka, tapos na ako sa mga trabaho ko kaya libre na ako maghapon.”

It was half true. Tiyak niyang pagagalitan din siya ng kanyang tiya pag-uwi niya. But for his friend’s sake, nakahanda siyang manatili pa nang ilang minuto.

Nakumbinsi naman niya si Jasmine. Umakyat itong muli upang painumin ng gamot ang tiyahin. Isinalang niya ang palayok na may lamang tubig, ginayat na sibuyas at kamatis, ayon na rin sa instruction ng batang babae.

Makalipas ang ilang minuto ay bumaba itong muli.

“Maayos na si Tiya.”

“Ganoon ba? Mabuti naman.”

“Umuwi ka na, Ronald. Baka hinahanap ka na sa inyo. Ayokong mapagalitan ka dahil sa akin.”

Nagkamot siya ng ulo. “Oo nga. Pero... sigurado kang ayos lang kayo ng tiya mo?”

“Oo. Salamat nang marami.”

“Paano kung bumalik uli ang tiyong mo?”

Mapait itong ngumiti. “Paniguradong mamaya na ang balik niya. Tiyak kong nasa pasugalan na naman iyon.”

Hindi pa rin maalis sa puso niya ang pag-aalala. Matapos ang nasaksihan niya, parang ayaw niyang iwan itong mag-isa. Pero siguro nga ay dapat muna niya itong bigyan ng pribadong oras. Alam niyang nahihiya rin ito sa nasaksihan niya kanina.

“Sige, uuwi na muna ako. Basta, pag may kailangan ka, puntahan mo na lang ako sa amin, ha?”

Tumango lang ito at muling ngumiti. Nakatingin pa rin ito sa kanya habang palayo siya.

2

“Saan ka ba nanggaling, bata ka? Aba’y kanina ka pa namin hinahanap!” pasinghal na salubong ni Tiyo Manuel sa kanya.

Napakamot siya ng ulo at asiwang ngumiti.

“Kasi, Tiyong...” Ikinuwento niya rito kung paano niyang tinulungan si Jasmine. “Nakakaawa naman silang magtiya, Tiyong. Talaga bang ganoon si Mang Carlos? Napakalupit niya.”

“Hay naku, Ronald!” Inakbayan siya nito habang papasok sila ng kubo. “Hindi ko alam ang buong kuwento ng pamilya nila. Pero sa pagkakatanda ko’y nagkaganoon lamang iyang si Carlos nang mamatay ang anak nila ni Juliana.”

“May anak po sila?”

“Oo. At sa tantya ko, kung nabubuhay lamang ang batang iyon ngayon, kaedad mo siya.”

“Ano po ang nangyari? Bakit po siya namatay?”

Umiling ang kausap. “Hindi namin alam ang buong detalye. Pero nakita na lamang lumulutang ang katawan niya sa ilog. Dalawang taon yata siya noon.

Halos mawala na sa katinuan si Juliana noon. Si Carlos naman, pagkatapos ng insidenteng iyon, doon na siya nagbago. Naging sugarol na at lasenggo.”

May dahilan naman pala, naisip ni Ronald. Ngunit hindi pa rin justification iyon sa pananakit nito sa pamilya. Wala namang may gusto ng nangyari. At para idamay si Jasmine?

“Magulo ang pamilyang iyon, Ronald. Mas makabubuting huwag na lamang tayong makialam. Mahirap nang madamay ka pa. Hindi natin alam kung ano ang kayang gawin ni Carlos.”

Hindi na lamang siya kumibo. Ngunit buo na ang kanyang pasya. Poprotektahan niya si Jasmine sa abot ng kanyang makakaya.

Some kind of protector he turned out to be. Pauyam na ngumiti si Ronald.

Tumunog ang intercom. “Doc, may gustong kumausap sa inyo sa phone, isang Frances McKenna from the *Action Aid Foundation*.”

“Sige, kakausapin ko siya.” Nang marinig ang pamilyar na click ay iniangat na niya ang receiver. “Hello?”

“Hello?” The voice that greeted him was soft and sweet. Warmth crawled up his spine and he smiled. “Is this Dr. Ronald Arceo?”

“Speaking, Miss McKenna. What can I do for you?”

Tumikhim ito and his smile turned into a goofy grin. From the sound of her voice, he could guess she was nervous.

“I’m from *Action Aid Foundation*. I sent you an email the other day asking for an appointment. Gusto sana kitang makausap nang personal.”

Napangiwi siya. “I’m sorry. I haven’t had time to open my emails lately. Tungkol ba saan iyong gusto mong pag-usapan natin?”

“Naghahanap kasi kami ng mga medical specialists na p’wedeng mag-volunteer ng service nila for a medical mission na sponsored ng foundation. I was hoping I could convince you to join us.”

Sandali siyang nag-isip. Naunahan siya nitong magsalita.

“I know you’re a very busy person, Doc. But I’d really appreciate it if you could spare me some of your time para maipaliwanag ko sa ’yo ang mga detalye.

Tentative pa 'yung date for the mission at hindi ka naman namin pipiliting mag-commit.”

The lady was very persistent. Bigla tuloy siyang na-curious na makilala ito nang personal.

“Okay. How about tomorrow afternoon? Hanggang four o'clock ang clinic ko. P'wede kitang hintayin at kausapin after clinic hours.”

Dinig niya ang pagbuga nito ng hangin.

“That would be fine, Dr. Arceo. Maraming salamat.”

“Do you need the address or—”

“Hindi na kailangan. Alam ko kung nasaan ang clinic mo.”

Tumaas ang isang kilay niya. “Then see you tomorrow, Miss McKenna.”

“Thank you ulit sa oras.”

The line went dead and Ronald placed the receiver back on the cradle. Something about his caller intrigued him. He could've just said he would join the mission and save her the trouble. Hindi na bago sa kanya ang pagbibigay ng volunteer service. But for some odd reason, he wanted to see her.

Sumandal siya at pinagsalikop ang mga daliri. Nasa ganoon siyang ayos nang bumukas ang pinto ng clinic niya.

“Doc Ronald!”

A toothless grin greeted him. Isang toddler ang pumasok at lumapit sa kanya. Nauna pa itong sumampa sa visitor’s chair kasunod ang mga magulang.

“Oh, Peewee. Kumusta na ang pakiramdam mo ngayon?” Naaaliw na sinulyapan niya ang mga magulang ng bibong bata. He was barely four years old, pero parang matanda na itong makipag-usap.

“Wala na akong ubo, Doc Ronald!”

Napangiti siya sa kabibuhan nito. Tumayo siya, kinarga ang bata at iniupo sa examination bed.

“Sige nga, tingnan ko. Open your mouth.”

Kinuha niya ang pen light at sinilip ang lalamunan nito. Hindi na nga namamaga ang tonsils ng bata. At mukhang wala na rin ang bara sa dibdib nito. The antibiotics worked. Mabuti na lamang at nadala ito kaagad ng mga magulang sa kanya. The boy was suffering from an onset of pneumonia when he checked Peewee the first time.

“Hmm... mukha ngang okay ka na.”

“P’wede na akong maglaro uli, Doc.”

Natawa siya. “Oo naman. Pero hinay-hinay lang, ha? At saka, kailangan mo pa ring inumin ang mga gamot mo kahit wala ka nang ubo. At susunod ka palagi kina Nanay at Tatay, ha?”

Ngumuso ito at hindi niya mapigilan ang matawa. Katulad ng ibang bata, may tendency itong maging pasaway.

“Peewee? Tinatanong kita,” he said in a mild tone.

“Opo,” the child answered softly.

“Good!” Ginusot niya ang buhok nito. “Now, d’un ka muna sa playroom. Kakausapin ko lang sina Nanay at Tatay.”

The child’s face beamed. Tinawag niya ang nurse at assistant na si Lenie upang kunin ang bata. Nang wala na ito ay ang mga magulang naman nito ang hinarap ni Ronald.

“Doc Ronald, tanggapin n’yo po ito. Pasensya na kayo kung iyan lang ang maibabayad namin sa inyo.”

Pilit ibinibigay sa kanya ni Aling Marcela ang

isang basket na puno ng sari-saring kakanin. Alam niyang iyon ang isa sa pinagkakakitaan nito. Ang asawa naman nito ay isang pedicab driver lang. Pangapat si Peewee sa limang magkakapatid.

“Nanay, hindi na ho sana kayo nag-abala.”

“Sige na ho, Doc. Kahit diyan man lang, makabawi kami ng utang na loob sa inyo.”

“Oo nga naman ho. Kung di dahil sa tulong ninyo, baka wala na sa piling namin si Peewee ngayon,” ani Mang Pablo, ang ama ng bata.

Ronald humbly smiled. “Sige ho, kung talagang mapilit kayo.” Tiningnan niya ang laman ng basket. “Mukhang masarap itong niluto ninyo, Nanay!”

Lumapad ang ngiti ng mag-asawa. Ilang minuto pa niyang kinausap ang mga ito. Panay ang bilin niyang ituloy ang pag-inom ni Peewee ng antibiotics at para hindi na mamroblema pa sa pambili ang mga ito ay binigyan na niya ng sapat na gamot para sa nalalabing gamutan ng bata. Abut-abot ang pasasalamat ng mag-asawa sa kanya.

3

Sampung minutong maaga si Frances sa usapan. Nakausap na niya ang sekretarya ng doctor at nasabi na nito sa amo ang tungkol sa pagdating niya. May isang pasyente pa itong titingnan. Naupo muna siya sa leather couch na nasa waiting room katabi ang isang mag-ina.

Halatang naiinip ang paslit at nag-uumpisa nang umiyak. Panay ang alo rito ng ina. Para tumahimik ay kinuha nito ang bote ng gatas at iniabot sa anak. The child sucked on it for a while while looking at her. Nginitian niya ito pero mukhang iba ang plano ng bata. Ipinukpok nito sa kanya ang bote ng gatas. Bull's-eye siya sa noo.

“Ouch!”

“Naku, Macky naman!” Tumayo ang ina nito upang ilayo ang anak sa kanya. Inagaw rin nito ang bote ng gatas. Umiyak ang bata. Nang sandaling iyon ay lumabas si Ronald sa opisina nito. “Miss, pasensya ka na, ha?” hinging-paumanhin sa kanya ng babae.

“Excuse me, Mrs. Rivas, may problema po ba?”

“Naku, Doc Ronald, eto kasing si Macky, pinukpok

ng bote sa ulo itong babae.”

“Talaga?” Tumingin sa kanya ang binata. Lumapit ito at tiningnan ang noo niya.

“Hmm... medyo namumula lang nang kaunti. Len, pakiabot naman ng cold pack,” utos nito sa assistant. Ipinatong nito sa noo niya ang malamig na pakete. “Here, hold this for a while, para hindi siya magbukol. Babalikan kita mamaya.” Sinabayan pa nito ng matamis na ngiti ang sinabi. Frances’ heart seemed to leap out of her chest.

“O-okay,” she answered nervously. Sinundan pa niya ito ng tingin nang pumasok sa silid kasama ang mag-ina. Noon lamang niya pinawalan ang buntong-hiningang kanina pa niya pinipigilan.

Oh my God! aniya sa sarili. Bakit walang nagsabi sa kanya na super gorgeous pala ang pediatrician na nakatakda niyang imbitahin para sa medical mission ng kanilang foundation?

Marami siyang narinig ukol kay Dr. Ronaldo Arceo, isang pediatric surgeon na nagtapos ng medisina sa *University of the Philippines* at nagpakadalubhasa sa *Stanford University* sa Southern California. At the age of thirty-five, marami na itong natanggap na citations and awards from medical organizations

dahil sa commitment nito sa propesyon particular na ang pagbibigay ng libreng serbisyo sa mahihirap, at mga gamot na galing mismo sa sariling bulsa nito ang ipinambili. Ang sinabi pa ng source niya, ilang top hospitals na raw sa abroad ang nag-alok dito ng residency, pero mas pinili nitong maglingkod sa sariling bayan.

What her source forgot to mention was, aside from his impressive professional records, he was an absolute hunk! A certified eye candy!

Muli siyang napasulyap sa pinto nang magbukas iyon. Lumabas ang mag-ina, the child now holding a toy rabbit. He eyed her innocently and then smiled. She made a face which made him giggle.

Nag-sorry uli sa kanya ang ina nito bago umalis. At tumango lang siya bilang pagtanggap.

“Okay ka na ba?” came the husky voice. Muli, parang tambol sa bilis ang tibok ng puso niya.

Nang hindi siya sumagot ay hinaplos nito ang bahagi ng noo niyang namula. Para siyang nadikit sa isang high voltage line ng *Meralco*.

“Good thing at hindi siya nagbukol. I’d hate to see that lovely faced marred.” Alam niyang biro lang iyon, ngunit nagmukhang makopa pa rin ang kanyang

buong mukha sa pagkapula. At iyon ang dahilan ng malakas na tawa ng binatang doktor. “Ang mabuti pa’y doon na tayo sa loob mag-usap.”

She followed him inside the office.

“You’re Frances McKenna, I presume.”

“Ako nga. I called yesterday regarding our invitation para sa isang medical mission.” She offered her hand for a shake. Mariin iyong tinanggap nito. He motioned her to sit down.

“Tama pala ako,” anito mayamaya. Titig na titig ito sa mukha niya. Gusto na tuloy niyang manalamin para siguruhing wala itong nakikitang di kaaya-aya.

“Tungkol saan?”

He smiled boyishly, exposing white, perfect teeth. “Na may magandang mukha ang tinig na narinig ko sa telepono.”

The flattery made her blush even deeper. The man knew how to flirt!

“When will this medical mission be?”

“On March 5. It’s a Saturday.”

Pinindot nito ang intercom. “Len, paki-check nga kung may appointment ako sa March 5?”

Narinig niya ang flip ng papel. Then, the girl replied. “Birthday po ng anak ni Mr. Steve dela Rosa, iyong taga-Lucban, Quezon.”

“I see. Sige, thank you, Len.”

Bahagyang lumaylay ang kanyang mga balikat.

Tumayo ito at may pinindot sa cellphone. Nakamasid lang si Frances habang ilang sandali rin nitong kausap sa kabilang linya ang taong tinawagan. She couldn’t help but admire his politeness and the way he eased out of his commitment without offending the person on the other end.

Muli itong ngumiti sa kanya nang i-off ang aparato.

“That takes care of it. I guess I’m free on that date, so p’wede akong sumali sa medical mission ninyo.”

Napangiti siya dahil doon. “Hindi kaya sumama naman ang impression sa ’yo ng mga kaibigan mo? Mukha pang may sinasabing tao iyong Mr. dela Rosa na iyon.”

“Nah! Hindi naman ako direktang pumayag sa imbitasyon niya. And besides, he just wants to pair me with his daughter so he could brag about us being

an item.” He made an imaginary quotation marks to stress the word ‘item’.

“Ganoon ba? Hindi ko siya masisisi.”

Muli ay tumawa ito. Maging siya ay natawa rin.

“Ngayon pa lamang ay nagpapasalamat na ako sa ‘yo. Hindi mo lang alam kung gaano kahalaga sa akin ang medical mission na ito.”

“Ikaw ba ang personal na nag-organize ng lahat?”

“Actually, it was my idea. My late mother co-founded *Action Aid*. Maaga akong namulat sa mga charity works dahil sa kanya. Kailan ko lang tinanggap ang posisyon bilang project coordinator. Dati-rati kasi, nasa sidelines lang ako, tumutulong kapag kailangan. This will be my first project.”

“Mabuti naman at ito ang naisipan mo.”

She smiled shyly.

“I’m sure na magiging successful ang first project mong ito.”

“Now that you decided to join us, I’m sure it will be.” Gusto sana niyang magtagal pa dahil gusto niyang kausap ang binata. And for some reason, ayaw niyang mawala sa kanyang paningin ang maamong

Minsan May Isang Kahapon - Doreen Laroya

mukha nito. Pero alam niyang abala itong tao. Tumayo na siya at nagpaalam.

“I have to go. Baka masyado na kitang naabala.”

“Walang problema. A pretty face is welcome anytime.”

Namula na naman siya.

“So I’ll see you on March 5?”

Tumango ito. Minsan pa siyang nakipagkamay sa binata. And the slight squeeze of his hand brought goosebumps on the back of her neck. Kinakabahang binawi niya ang kamay at kaagad tumalikod.

“Frances?”

Lumingon siya.

“It was nice meeting you,” anito.

“Ako rin, Doc Ronald. I’m glad that we’ve met, finally!”

They shared a smile and then she left.

“Frances!”

Kulang na lang ay tumili si Carol habang

papalapit sa kanya. Parang sinisilihan ang pang-upo nito dahil sa kilig.

“My God! Ang wafu naman pala ni Doc Ronald! Mabuti na lang at pumayag siyang sumali sa atin.”

“P’wede ba, Carol, hinaan mo ang boses mo. Baka marinig noong tao na pinag-uusapan natin siya.”

Sandali niyang sinulyapan si Ronald na abala sa pakikipag-usap sa ina ng isang sanggol na katatapos lamang nitong tingnan. Ilang dipa lang ang layo ng table nito sa pharmacy booth kung saan siya naka-assign at ang isa pang pharmacist. Si Carol ay assigned sa registration booth.

“Naku, I don’t care! Isisigaw ko pa sa madlang people.”

“Carol, ano ba!” saway niya sa kaibigan. Muli siyang napasulyap sa gawi ng doktor. Nakatingin din ito sa kanila. Nang magtagpo ang kanilang mga mata, ngumiti ito at kumindat pa.

“Nakita mo ’yun? Kumindat siya sa atin, Frances!”

Bigla siyang namula. “Oo na!” she said, ignoring the wild beating of her heart and the warm, tingly feeling on her skin. Tumingin siya sa relo; malapit na ang lunch break. “Naku, ang mabuti pa’y ihanda na

natin ang pagkain at tiyak gutom na ang mga iyan.”

Hinila na niya ang kaibigan sa isang silid na ginawa nilang temporary kitchen sa paaralan na inarkila nila para sa mission. Doon ay nadatnan nila ang ilang miyembro ng kanilang foundation na abala sa paglalagay ng pagkain sa mga paper boxes. Tumulong siya sa mga ito.

Ilang sandali pa ay isa-isa na nilang inaabutan ng pagkain ang mga doctors at nurses na kasali sa medical mission. Kahit ang ibang mga pasyenteng naghihintay ay idinamay na rin nila sa food distribution. Personal niyang dinalhan ng pagkain si Ronald sa mesa nito.

“Hi!” bati niya sa binata. “Kain ka muna. Inihinto muna namin ang registration para makakain kayo ng tanghalian.”

“Salamat.” Binuksan nito ang ibinigay niyang food box. “Hmm... mukhang masarap, ikaw din ba ang nagluto?”

Natawa siya. “Naku, hindi! Actually, kinaladkad ko ang kusinera namin para magluto ng food.”

“But you know how to cook?”

“Hay naku, Doc! Masarap magluto iyang si Frances. At masarap ding mag-bake.”

Nagulat siya sa tinig ni Carol sa kanyang likuran. Nilingon niya ito at pinandilatan ng mga mata. Tumaas lang ang isang kilay nito at makahulugang ngumiti.

“Talaga? I’m glad to hear that. Baka p’wede mo akong ipagluto minsan.”

Alanganin siyang napasulyap sa binata. Hindi niya alam kung ano ang sasabihin.

“Ikaw, hindi ka ba kakain?” puna nito nang makitang wala siyang bitbit na pagkain para sa sarili.

“Doon na lang ako sa—”

Inilapag ni Carol sa mesa ang isa pang paper box at isang bote ng mineral water. “Puno na ang lahat ng room. Wala na kayong lulugaran ni Doc. Ang mabuti pa’y saluhan mo na lang siya dito para di ma-bore si Doc Ronald.”

Kabisado na niya ang ngiting iyon ng kaibigan. At hindi niya alam kung magpapasalamat o magagalit siya rito.

“O sige, babalik na ako sa kusina. Baka may makakuha pa ng upuan ko. Enjoy your lunch!” Umiimbay na itong naglakad palayo bago pa siya makapagsalita. Tulalang napatitig na lang siya sa

papalayong babae.

“Lalamig ang pagkain mo.”

Noon lang niya naalala na naroon ang binata.

“Kain na tayo,” anyaya nitong nakangiti.

Parang hindi niya malunok ang pagkain. Hindi dahil hindi masarap ang pagkakaluto ni Aling Delia. Sobrang conscious lang siya sa kaharap na balak pa yata siyang gawing dessert sa klase ng pagkakatatig sa kanya.

Habang kumakain ay napapangiti si Ronald. Kung alam lang ni Frances kung ano ang tumatakbo sa isip niya, baka bigla itong tumalilis at sumunod sa kaibigan. The food tasted great, pero may pakiramdam siyang mas masarap tikman ang dalagang kaharap niya.

Dinampot niya ang bote ng mineral water at uminom. He shouldn't be thinking of carnal thoughts during a charity mission. He couldn't help it. Kanina pa siya nadi-distract kay Frances. He could see her from the corner of his eyes, her lithe form assisting wherever she was. Maganda ang hubog ng katawan nito; ample breasts he had been itching to touch,

small waist he could span with his hands, legs that seemed to go on forever... Her face was a knockout; round, doe-like eyes, small nose, a pair of heart-shaped lips he had been dying to taste...

What pulled him aside from her beauty was her dedication to her job. Mula nang magsimula ang medical mission, hindi pa niya ito nakitang walang ginagawa. Gusto na nga niya itong hilahin sa isang sulok at itali sa isang upuan para lang makapagpahinga ito. He could see lines of exhaustion on her face. Sa kabila niyon ay magiliw pa ring nginingitian ni Frances ang lahat ng taong makasalubong.

She peeked at him shyly. Namula ito nang magtama ang mga mata nila. The air seemed to sizzle with pheromones and testosterones. The magnitude of the attraction between them amazed him. But he had to stick to his priorities. Community service first. Getting to know a beautiful, interesting lady would come later.